

Pang-araw-araw na Wikang Tsino

每日汉语



菲律宾语 03



国家汉办/孔子学院总部
Hanban/Confucius Institute Headquarters



中国国际广播电台
CHINA RADIO INTERNATIONAL

汉

中国国际广播出版社

Pang-araw-araw na Wikang Tsino

每日汉语

中国国际广播出版社



目录

第二十五课 问路

Aralin Bilang Dalawampu't Lima

Pagpaparoo't parito

第二十六课 乘汽车

Aralin Bilang Dalawampu't Anim Pagsakay

sa Bus

第二十七课 乘出租车

Aralin Bilang Dalawampu't Pito Pagsakay

sa Taksi21

第二十八课 乘火车

Aralin Bilang Dalawampu't Walo Pagsakay

sa Tren

第二十九课 乘飞机

Aralin Bilang Dalawampu't Siyam Pagsakay

sa Eroplano41



目录 / Mga Nilalaman

第三十课 驾车旅行

Aralin Bilang Tatlumpo Pagpunta sa Iba't
ibang Lugar Sakay ng Kotse 51

第三十一课 汉语特点简介

Aralin Bilang Tatlumpo't Isa Panimulang
Aralin sa mga Karakter ng Wikang Tsino.....

第三十二课 在旅行社

Aralin Bilang Tatlumpo't Dalawa Sa Travel
Agency.....

第三十三课 在邮局

Aralin Bilang Tatlumpu't Tatlo Sa Tanggapan
ng Koreo..... 79

第三十四课 在旅馆


Aralin bilang tatlumpu't Apat Sa Hotel..... 89

第三十五课 剪头发

Aralin Bilang Tatlumpu't Lima Pagpapagupit
ng Buhok..... 99

第二十五课 问路

Aralin Bilang Dalawampu't Lima
Pagpaparoo't parito



X: Hi! 大家好. Halikayong muli sa Pang-araw-araw na Wikang Tsino. Ito si Xian Jie.

L: Ito naman si Liu Kai. 大家好! Sa nakaraang aralin, natutuhan natin ang ilang ekspresyon na may kinalaman sa pagbili ng mga aklat.

X: Ngayon, pagbalik-aralan muna natin ang mga pangungusap na ito at pagkatapos tutuloy na tayo sa ating bagong aralin—bagay na may kinalaman sa paglalakad.

L: Una: Saan may malaking tindahan ng mga aklat?

X: 哪儿有大的书店?

L: Gusto kong bumili ng diksiyunaryo.

X: 我要买本字典.

L: Gusto ko ng aklat-patnubay para sa Beijing.

X: 我想买本北京导游手册.

L: Maari bang malaman kung nasaan ang mga nobela sa Ingles?

X: 请问英文小说在几层卖?

L: Ngayon, pakinggan natin ang buong usapan na natutuhan natin noong nakaraang aralin:



完整对话 Ang Lahat ng Usapan

对话一 Usapan Bilang Isa

A: 哪儿有大的书店? Saan may malaking tindahan ng mga aklat?

B: 去王府井看看。那儿有个不错的书店。Tingnan mo sa Wangfujing Street. May isang talagang mahusay doon.

对话二 Usapan Bilang Dalawa

A: 我要买本字典。Gusto kong bumili ng diksiyunaryo.

B: 什么字典? Anong klase ng diksiyunaryo?

A: 英汉, 汉英双向字典。Ingles-Tsino, Tsino-Ingles.

对话三 Usapan Bilang Tatlo

B: 您好。我想买本北京导游手册。Helo! Gusto ko ng aklat-patnubay para sa Beijing.

A: 那您直接上二层, 就在电梯左边。Pumunta lang po kayo sa ikalawang palapag at nasa kaliwa mismo ng elebeytor ang mga iyon.

对话四 Usapan Bilang Apat

A: 请问英文小说在几层卖? Maari bang malaman kung nasaan ang mga nobela sa Ingles?

B: 在四层。Sa ikaapat na palapag.

L: Ang pagkakaalam ng direksiyon ay maaring napakahalaga lalo na sa Beijing na talaga namang napakalaking lunsod. Kaya, una sa lahat, ipaliliwanag namin sa inyo kung ano ang wikang Tsino para sa apat na

direksiyon.

X: Simulan natin sa silangan. Sa wikang Tsino, ito ay 东. Sa sinasalitang Tsino, madalas nating sinasabi 东边. Ang 边 ay nangangahulugan ng “dako”.

L: 东, 东边.

X: Ang kanluran naman sa wikang Tsino ay 西.

L: 西.

X: At siyempre, maaari rin ninyong sabihing 西边 sa halip ng 西.

L: 西边.

X: Ang timog naman sa wikang Tsino ay 南.

L: 南.

X: Ang hilaga ay 北.

L: 北.

X: Ngayon, sabihin natin nang sabay-sabay. 东, 西, 南, 北.

L: 东, 西, 南, 北.

X: Ngayon, magpatuloy tayo sa mga kapaki-pakinabang na ekspresyon. Ang paraang Tsino ng pagsasabi ng “Mawalang-galang na, nasaan ang istasyon ng subway?” ay 请问地铁站在哪里?

L: 请问地铁站在哪里?

X: 请问, mawalang-galang na.

L: 请问.

X: 地铁, subway.

L: 地铁.

X: 站, himpilan.

L: 站.

X: Ang 在 ay isang pang-ukol at ito ay nangangahulugan ng “sa”.

L: 在.

X: 哪里, saan o nasaan.

L: 哪里.

X: Mawalang-galang na, nasaan ang istasyon ng subway?
请问地铁站在哪里?

L: 请问地铁站在哪里? Pakinggan natin ang unang usapan sa araw na ito:

对话一 Usapan Bilang Isa

A: 请问地铁站在哪里? Mawalang-galang na, nasaan ang istasyon ng subway?

B: 一直往前走, 在前边的路口往左拐。Dumeretso ka tapos kumaliwa ka sa krosing.

X: Ang pangalawang ekspresyon na pag-aaralan natin ay “Gaano iyon kalayo mula rito?” 离这儿多远呢?

L: 离这儿多远呢?

X: 离, mula sa.

L: 离.

X: 这儿, dito.

L: 这儿.

X: 多远, gaano kalayo.

L: 多远.

X: Ang 呢 ay isang katagang nagpapahiwatig ng tanong.

L: 呢.

X: Gaano iyon kalayo mula rito? 离这儿多远呢?

L: 离这儿多远呢? Pakinggan natin ang ikalawang usapan:

对话二 Usapan Bilang Dalawa

A: 离这儿多远呢? Gaano iyon kalayo mula rito?

B: 不太远。大概走 5 分钟就到了。Hindi gaanong malayo. Siguro mga limang minuto kung lalakaran.

L: Aling bus ang dapat kong sakyan para makarating doon?

X: 我应该坐什么车去?

L: 我应该坐什么车去?

X: 我, ako o ko.

L: 我.

X: 应该, dapat.

L: 应该.

X: Ang 坐 ay orihinal na nangangahulugan ng umupo. Dito ito ay tumutukoy sa “pagsakay sa bus”.

L: 坐。

X: 什么, ano.

L: 什么。

X: Ang 车 rito ay pinaikling 公交车 at ito ay nangangahulugan ng “bus”.

L: 车。

X: 去, pumunta o pumaroon.

L: 去。

X: Aling bus ang dapat kong sakyan para makarating doon? 我应该坐什么车去?

L: 我应该坐什么车去? Ngayon, pakinggan natin ang ikatlong usapan:

对话三 Usapan Bilang Tatlo

A: 我应该坐什么车去? Aling bus ang dapat kong sakyan para makarating doon?

B: 您得去马路对面坐车。Dapat doon sa kabilang panig ng daan kayo kumuha ng bus.

L: Bago tayo makinig sa lahat ng mga usapan, pagbalik-aralan natin ang mga natutuhan natin sa araw na ito. Magsimula na tayo. Mawalang-galang na, nasaan ang istasyon ng subway? 请问地铁站在哪里?

X: 请问地铁站在哪里?



L: Ang “Gaano ito kalayo mula rito” ay 离这儿多远呢?

X: 离这儿多远呢?

L: Aling bus ang dapat kong sakyan para makarating doon? 我应该坐什么车去?

X: 我应该坐什么车去?

L: Narito ang buong usapan sa araw na ito:



完整对话 Ang Lahat ng Usapan

对话一 Usapan Bilang Isa

A: 请问地铁站在哪里? Mawalang-galang na, nasaan ang istasyon ng subway?

B: 一直往前走, 在前边的路口往左拐。Dumeretso ka tapos kumaliwa ka sa krosing.

对话二 Usapan Bilang Dalawa

A: 离这儿多远呢? Gaano iyon kalayo mula rito?

B: 不太远。大概走 5 分钟就到了。Hindi gaanong malayo. Siguro mga limang minuto kung lalakarin.

对话三 Usapan Bilang Tatlo

A: 我应该坐什么车去? Aling bus ang dapat kong sakyan para makarating doon?

B: 您得去马路对面坐车。Dapat doon sa kabilang panig

ng daan kayo kumuha ng bus.

X: Okey, iyan ang kabuuan ng usapan sa araw na ito. Pakinggan natin ngayon sa Mga Tip ng Kulturang Tsino.



Mga Tip ng Kulturang Tsino

Walang gaanong malaking pagkakaiba ang mga paraan ng pagbati ng mga Tsino at mga mamamayang Kanluranin. Halimbawa, kung may masasalubong at iiwanan ang isang tao, sinasabi niya “Helo” at “Diyan ka na muna,” ayon sa pagkakasunod, at iba pang gaya nito. Pero sa pang-araw-araw na buhay sa pagitan ng mga taong pamilyar na sa isa’t isa, ang kanilang mga pagbati ay base, sa pangkalahatan, sa kanilang situwasyon at iniisip sa mga oras na iyon. Halimbawa, kung magkakasalubong ang dalawang tao, kasuwal na tatanungin ng isa ang isa ng mga tanong na tulad ng “Saan ka pupunta?” “Papasok ka ba sa trabaho?” “Kumain ka na ba?” Kapag naririnig ang ganitong mga tanong, hindi maunawaan ng karamihan ng mga taga-Kanluran ang mga ito.

Sa dahilang itinuturing ng karamihan ng mga taga-Kanluran ang mga tanong na ito bilang mga bagay na personal, kung magkakasalubugan sila, kadalasan

nagbabatian sila sa pamamagitan ng simpleng pagsasabi ng “Hi/Helo!” “Magandang umaga!” “Kumusta ka!” O kung hindi naman ay pag-uusapan nila ang lagay ng panahon na tulad ng “Maganda ang panahon, hindi ba?”

X: At diyan nagtatapos ang ating aralin sa araw na ito. Tulad ng dati, meron kaming munting tanong para sa inyo: Paano ninyo sasabihin sa wikang Tsino ang “Mawalang-galana na, nasaan ang istasyon ng subway?”


L: Kung alam ninyo ang sagot, mag-e-mail lamang sa: Filipino_section@yahoo.com.

X: At para sa mga karagdagang detalye, huwag kayong mag-atubiling bumisita sa aming website na Filipino.cri.cn. Itong muli si Xian Jie, hanggang sa muli.

L: Ito naman si Liu Kai. 再见!

第二十六课 乘汽车

Aralin Bilang Dalawampu't Anim Pagsakay sa
Bus



X: Hi! 大家好! Halikayong muli sa palatuntunang Pang-araw-araw na Wikang Tsino. Ito si Xian Jie.

L: Ito naman si Liu Kai. 大家好! Tulad ng nakagawian, pagbalik-aralan muna natin ang natutuhan natin noong nakaraan. Magsimula na tayo. Mawalang-galang na, nasaan ang istasyon ng subway? 请问地铁站在哪里?

X: 请问地铁站在哪里?

L: Gaano ito kalayo mula rito? 离这儿多远呢?

X: 离这儿多远呢?

L: Aling bus ang dapat kong sakyan para makarating doon? 我应该坐什么车去?

X: 我应该坐什么车去? Pakinggan natin ang lahat ng mga usapan noong nakaraan:



完整对话 Ang Lahat ng Usapan

对话一 Usapan Bilang Isa

A: 请问地铁站在哪里? Mawalang-galang na, nasaan ang istasyon ng subway?

B: 一直往前走, 在前边的路口往左拐。Dumeretso ka tapos kumaliwa ka sa krosing.

对话二 Usapan Bilang Dalawa

A: 离这儿多远呢? Gaano iyon kalayo mula rito?

B: 不太远。大概走 5 分钟就到了。Hindi gaanong

malayo. Siguro mga limang minuto kung lalakaran.

对话三 Usapan Bilang Tatlo

A: 我应该坐什么车去? Aling bus ang dapat kong sakyan para makarating doon?

B: 您得去马路对面坐车。Dapat doon sa kabilang panig ng daan kayo kumuha ng bus.

X: Sa aralin sa araw na ito, pag-aaralan natin ang hinggil sa pagsakay sa bus. Sabihin natin na sasakay tayo ng bus para bisitahin ang ating kaibigan na nakatira sa komunidad ng Dongfang. At para makatiyak tayo na ang tamang bus ang masasakyan natin, maari nating tanungin ang drayber ng “Umaabot ba itong bus na ito sa komunidad ng Dongfang?” 这车到东方小区吗?

L: 这车到东方小区吗?

X: 这, ito.

L: 这.

X: 车, sasakyan.

L: 车.

X: 到, umabot o marating.

L: 到.

X: 东方, silangan.

L: 东方.